
# Mga Bagong Kaisipan

Alamin ang iba pa
sfcta.org/westside

- 1 29R Sunset Rapid Service
- 2 Bumuo ng mga bagong ugnayan mula Richmond at Sunset sa Daly City BART*
- 3 Dagdagan ang ugnayan ng pagbiyahe sa West Portal*
- Palawakin ang High Injury Network toolkit sa kanlurang bahagi ng hub ng mga naglalakad
- Palawakin ang paradahan ng bisikleta/micromobility
- Ibinahaging pagpapalawak ng micromobility (walang himpilan)
- Ibinahaging pagpapalawak ng bisikleta
- • Palawakin ang mga Ligtas na Daanan sa mga Paaralan sa mas maraming paaralan
- 9 Punuin ang mga Puwang sa Bangketa
- Pagpapatupad ng Tuwirang intercounty paratransit
- Pagpapatupad ng mga Hub ng
- ○ Paggawa ng lugar sa pangunahing lugar ng Paglipat
- Pasilyo- at pamayanang-antas na paradahan at mga planong pamamahal at pagpapatupad ng curb
- Pagpapatupad ng Estratehikong Plano ng TDM ng SFCTA

*Nangangailangan ng pondo para sa mga operasyon; isang malaking hamon




San Francisco County Transportation Authority

# Ang Iyong mga Prayoridad

Alamin ang iba pa
sfcta.org/westside

San Francisco County Transportation Authority

| PAGPAPABUTI | PAGLALARAWAN NG MGA PROYEKTO |
| --- | --- |
| 1 **29R Sunset Rapid** | Ipatupad ang bagong 29R Sunset Rapid service na nagbibigay daan sa mas bawas na paghihinto at kumikilos nang mas mabilis sa isang daanang gaya o kaparis ng umiiral na bus 29 ng Sunset. |
| 2 **Bumuo ng mga bagong mag-uugnay mula sa Richmond at Sunset sa Daly City BART** | Bumuo ng mga bagong mag-uugnay sa Daly City BART at paghusayin ang pagpapalakad ng bus sa himpilan, halimbawa sa pamamagitan ng pagpapahaba ng umiiral na 18 46th Avenue bus papuntang Daly City BART at nagdadagdag ng kakayahang ilulan ng bus. |
| 3 **Dagdagan ang mga ugnayan papuntang West Portal** | Pag-aralan ang kakayahang dagdagan ang mga ugnayan mula sa umiiral na mga daanan ng bus sa West Portal Station |
| **Palawakin ang high injury network toolkit patungong hubs ng mga naglalakad sa Westside** | Mapataas ang uri ng mga imprastrukturang para sa mga naglalakad, gaya ng mas malawak na bangketa, mabilis na kumikislap na parola, mga pangtanda ng trapik, bagong tawiran, pinabagong mga rampa at luntiang imprastruktura, malapit sa sikat na mga puntahan, sa paligid ng mga paaralan, mga pasilidad para sa pag-aalaga ng mga matatanda, mga liwasan at iba pang pampublikong mga lugar. |
| **Palawakin ang mga Paradahan para sa Bisikleta/Micromobility** | Dagdagan ang mapagpipilian paradahan, kasama na ang ligtas na mapaglalagyan ng bisikleta, may takip na paradahan ng bisikleta, paradahan ng bisikleta para sa mas malaking e-cargo na bisikleta, unahin ang paradahan ng bisikleta sa bangketa at mga daylighting zone malapit sa hub ng mga sasakyan, hintuan, at mga pangunahing puntahan gaya ng Sunsert Dunes Park. Ang mga nakaraang mga bike valet business model ay kinilala ang West Portal bilang malamang na kabilang sa magagaya. Ang iba pang mga dapat unahin ay ang Geary, Fulton, Judah, Taraval, Sunset, 19th Ave. |
| **Ibinahaging Pagpapalawak ng Micromobility (walang himpilan)** | Padaliin ang paglago ng micromobility sa westside sa pamamagitan ng estratehikong pagpapalawak ng larangan ng paglilingkod para sa walang-himpilang pagbahagi ng mga bisikleta at scooter para mapalaki ang sakop at mapaganda ang magagamit sa inaasahang paglaki sa westside, tinataguyod ang mas malawak na mga pagpipilian ng paggalaw at pagbiyahe. |
| **May Himpilang Pagpapalawak ng Pagbabahagi ng Bisikleta** | Palawakin ang network ng mga may himpilang pagbabahagi ng bisikleta para mapataas ang sakop at mapaganda ang paggamit sa inaasahang paglaki sa westside, tinataguyod ang mas malawak na mga pagpipilian ng paggalaw at pagbiyahe. Magtalaga ng daylight zones bilang mga lugar ng para sa paradahan ng pagbabahagi ng bisikleta, pinagandang kaligtasan at pagbabawas ng harang sa bangketa. |
| **Palawakin ang Ligtas na mga Dadaanan papunta sa mga Paaralan tungo sa mas maraming Paaralan** | Dagdagan ang pagpopondo sa Programa ng Ligtas na mga Dadaanan tungo sa mga Paaralan para mapaglingkuran ang mas maraming paaralan sa buong lungsod, na may tuon sa tumutugon sa mga puwang sa heograpiya-- lalo na sa Westside, kung saan mas kaunting mga paaralan ang kasali dahil sa pamantayan sa pagbibigay-priyoridad. Kasama dito ang paghihikayat sa mga programang gaya ng pangkat ng bisikleta tren at paglalakad mula sa hub gaya ng Golden Gate Park upang mataguyod ang masiglang pagbibiyahe. |

# Ang Iyong mga Prayoridad

Alamin ang iba pa
sfcta.org/westside

San Francisco County Transportation Authority

| PAGPAPABUTI | PAGLALARAWAN NG MGA PROYEKTO |
|---|---|
| 9 **Punuin ang Puwang sa Bangketa** | Alamin at punuin ang mga puwang sa bangketa, kasama na ang mga pangunahing lugar gaya ng Lincoln Avenue malapit sa Golden Gate Park at Lower Great Highway malapit sa Sunset Dunes, para mapahusay ang ugnayan para sa mga naglalakad. |
| **Pagpapatupad ng Tuwirang Intercounty Paratransit** | Ipatupad ang mga rekomendasyon mula sa One-Seat InterCounty Paratransit Pilot na nagpapahintulot nag mga biyahe ng paratransit sa pagitan ng mga county ng San Francisco at San Mateo na matapos nang walang paglilipat. Nakabinbin ang mga natuklasan mula sa pilot, ito ay maaaring makasama sa pagpapalawak ng paglilingkod. |
| **Pagpapatupad ng Kadaliang Pagbibiyahe sa mga Hub** | Bumuo ng mga hub sa kadaliang pagbibiyahe upang mapahusay ang pagkamit sa pagbiyahe at masiglang sasakyan, lalo na sa lugar na masikip at malapit sa mga daanang higit na madalas ang gamit. Isama ang mga himpilan ng pagbabahagi ng bisikleta, paradahan sa gamit sa kadaliang pagkilos, at ang mga hakbang sa pagpapatiwasay ng trapiko upang mapahusay ang kaligtasan. Ang mga hub ay maaaring angkupin sa sukat ng kabahayan para tumugma sa panglokal na kaugnay na kahulugan at pangangailangan. |
| ○ **Paglikha ng lugar at Pangunahing mga Lugar ng Paglilipat** | Ipatupad ang Paglikha ng Lugar, kasama na ang pampublikong sining, landscaping, upuan at mga karatula, at pangunahing mga Lugar ng Paglilipat. |
| **Mga Planong sa Pasilyo at Paradahan sa Pamayanan at Pamamahala ng mga Gilid ng Bangketa** | Antas ng Pasilyo: Ipatupad ang mga pagbabago sa mga gilid ng bangketa para makabagay sa pagsakay at mabawasan ang double parking, kasama ang mga lugar ng pagsakay at paradahang angled/back-in angled, kung hihilingin ng mga pamayanan o mga negosyante.<br><br>Pamayanang antas: Makalikha at ipatupad ng mga plano lugar ng pamamahala ng gilid ng bangketa para sa mas magandang pamamahala ng gamit ng lansangan sakaling hilingin ng mga pamayanan o mga negosyante. Ang mga magagamit ay kasama ang mga paradahang bayad ng mga bisita, pinalawak na mga araw at oras ng pagparada, o pagpapalawak ng mga paghintulot ng pagparada sa mga kabahayan. |
| **Pagpapatupad ng nalalapit na TDM Strategic na Plano** | Ang nalalapit na Transportation Demand Management (TDM) Strategic Plan ay magrerekomenda ng mga paraang ang mga lungsod, mga pribadong developer, at malaking may pagawaan ay malilipat ang kanilang biyahe sa mas mapapanatiling paraan at mas maluwag na mga oras ng araw. Ang plano ay magbibigay ng gabay sa mga pinakamabisang kaisipan para sa mga nakatira sa westside. Halimbawa ay maaring isama ang mga binawasang gastos sa pagsapi sa bikeshare, carpool subsidies, o mga hub sa mas madaling pagkilos. |